

1

Maraming tao ang nagugulat kapag nalalamang kaibigan ni Ashton Luna sina Michael Ochoa, Nathan Pastranas at Kevin Agoncillo. His friends were known as notorious playboys. Maraming attitude problems ang mga ito, save for Nathan. Maiinitin ang mga ulo ng mga ito, at may cold-hearted reputation sa business world. Ashton, on the other hand, was the complete opposite.

He was known for being a diplomat; he was the voice of reason, a humanitarian and a philanthropist. He was an investment genius and the owner of *Luna Corp.*, isang investment firm na itinayo ng binata nang makuha niya ang mana sa yumao niyang lolo.

He was a member of multitude charity foundations; he was kind, logical, level-headed, and humane. Sa kanilang apat, he had the highest chance of finding the right person to happily spend the rest of his life with. Subalit iba ang nangyari; masaya nang nakapag-asawa ang mga kaibigan niya, at siya na lang ang natirang bachelor sa grupo.

Napangiti si Ashton habang pinapanood si Michael na lumakad patungo sa hospital bed. Nakangiti ang kaibigan niya sa asawa nitong si Agatha habang karga nito ang unang anak, isang babae. Nakapalibot sa dalawa ang mga kaibigan pa nila na si Nathan, ang asawa nitong si Leila, si Kevin at ang kabiyak

The Playboy And His First Love - Dior Madrigal

nitong si Sasha. He sighed as he watched his friends; love and happiness were radiating from them. Needless to say, parang out of-place siya sa mga ito.

He was the seventh wheel, kung may ganoon mang term. Not that he was complaining, though. He was happy with his peaceful life. He was not crazy to fall in love. Had been there, done that. Ayaw na niyang ulitin pa dahil noong huling ma-in love siya, it left him devastated and crushed that he thought he wouldn't be able to get up again.

Hindi napigilan ni Ashton ang bahagyang pagtiim-bagang sa isiping iyon. Yes, aniya sa sarili, he would rather not repeat that fiasco in his life. Ibinaling niya ang lahat ng atensyon kay Michael para itaboy ang imahe ng isang babaeng may maikling buhok at ngiting kayang hamunin pati ang sikat ng araw.

“Paano ba ’yan, Ashton?” Pinukaw ng boses ni Kevin ang kanyang pag-iisip. Distractedly, napatingin siya rito. Nakangisi itong nakaakbay sa kanya. “Leila’s on her last quarter, si Sasha ay three months preggy na rin... lahat kami ay daddy na, ikaw na lang ang hindi!”

“Yes, and I’m happy for all of you,” sinsero niyang sagot.

“Oo nga, pero dapat mag-asawa ka na rin!” giit nito. Nanatiling malumanay ang ngiti niya sa kaibigan.

“I won’t rush into things. Kung darating, darating; kung hindi, hindi.” Tila binagsakan ito ng langit sa narinig na sagot

mula sa kanya.

“You mean you’re entertaining the possibility of growing old *alone*?”

He couldn’t help but laugh a little; si Kevin talaga ang pinaka-OA sa kanila. Sometimes, he found that amusing, even admirable. Si Kevin ang tipo ng tao na hindi takot ipakita ang nararamdaman; surprise, anger, pain, happiness—he bore them all with no apologies.

Dahil sa isang tao, minsan sa buhay ni Ashton ay naging ganoon din siya, kaya lang napagtanto niya na masyado iyong masakit sa ulo. He decided that he’d rather live without the drama. Mas gusto niyang mabuhay nang payapa at walang gulo o masyadong emosyon, dahil may mga bagay talaga na hindi dapat ipilit dahil makakasama lang sa kanya.

Nagkibit-balikat siya. “Well, that’s life. I don’t mind growing old alone.”

“But you’re missing a great part of your life!” pagpapatuloy nito. “Ako rin n’ung una feeling ko, okay lang. But, Ashton, I’m—”

“Shut up, Kevin, you’re upsetting Lorelie,” matabang na saway ni Michael sa kaibigan nila, busy ito sa pagtitig sa anak nitong si Lorelie. Bahagya siyang ngumiti sa bagong daddy; Michael was probably the closest to him, sigurado siyang ginawa nito iyon para sa kanya.

“Fine,” Kevin muttered. “I just thought it was time to move on now,” bulong nito.

Natigilan si Ashton nang marinig iyon. Hindi rin niya napigilan ang matalim na tingin sa kaibigan dahil sa sinabi nito.

Pati ito ay tila natigilan sa sinabi, na para bang lumabas ang mga salitang iyon na di naman nito sinasadya. Pati sina Nathan at Michael ay natigilan din. Naramdaman din iyon ng tatlong babaeng kasama nila sa kuwarto. Sa loob ng ilang segundo, nanatili ang tension sa buong paligid. Kung hindi pa niya naramdaman ang pag-vibrate ng phone sa bulsa, hindi niya sigurado kung ano ang gagawin nila para i-diffuse iyon. Mabilis niyang kinuha ang aparato.

“Excuse me,” aniya, hindi napigilan ang terseness sa tono. Mabilis siyang lumabas ng kuwarto. Pagkalabas, huminga muna siya nang malalim bago tiningnan kung sino ang tumawag.

Ito ang vice president ng isa sa mga charitable institutions niya. Sinagot ni Ashton ang tawag.

“Louie,” bungad niya rito.

“Hey, Ashton, p’wede bang humingi ng favor? Hindi ako makakapunta sa inauguration ng school na pinatayo natin sa Sorsogon, p’wede bang ikaw na lang muna ang pumunta? Sorry, Pare, may problema kami ng wife ko. I wanted to work things out, ayokong umalis nang di kami ayos.”

The Playboy And His First Love - Dior Madrigal

Humigit siya ng hangin. Bakit ba parang lahat ng topic sa paligid niya ay tungkol sa asawa at pamilya? Bakit ba lahat ay tila ibinabalik ang taong iyon sa kanyang alaala? Nahilot niya ang sentido.

“Sure, I was going to take a one-week vacation, anyway. Doon na rin siguro ako magbabakasyon,” aniya. Narinig niyang nakahinga nang maluwag ang business partner sa sagot niya.

“Thanks, I just want to smooth things out. I really want to make it up to her,” ani Louie, may halong desperasyon sa boses.

Bahagya siyang napatiiim-bagang. Muli, hindi maiwasang maalala ni Ashton na minsan sa buhay niya, naramdaman din niya ang ganoong emosyon. Iyong tipong gagawin niya ang lahat, ibibigay at iiwan ang lahat para sa isang tao. He swore he would never feel that way again.

“Sige, Louie, good luck sa inyo ng wife mo.”

“Oh, thank you talaga, Ashton.” At ibinaba na nito ang phone.

Breathing deeply, bumalik siya sa loob ng kuwarto ni Agatha.

“Hey, Ashton, sama ka sa ’min this week sa outreach program namin sa Ilocos,” ani Kevin pagkapasok niya. Salamat sa asawa nitong si Sasha, naging involved na rin ang fickle nilang kaibigan sa pagkakawanggawa. By now, tuluyan nang nawala ang tension sa silid.

The Playboy And His First Love - Dior Madrigal

“Oo nga, sama ka. Ituloy na rin natin sa bakasyon, overworked ka na. Kailan ka huling nagbakasyon?” segunda ni Nathan.

Tipid siyang ngumiti, may bahid pa rin ng iritasyon sa mukha.

“Magbabakasyon na nga rin ako pero sa Sorsogon. Inauguration ng school na pinatayo namin doon, di makakapunta’yung kasama ko sa foundation kaya ako ang papalit. Doon na rin siguro ako magbabakasyon.”

“Sayang naman.” Si Kevin ulit. “Kailan alis mo? Makakapunta ka ba sa birthday ni Sasha?”

Sinipat niya ang relo. “Bukas ng hapon, sa makalawa ang inauguration’tapos may mga kailangan pa akong asikasuhin. Sa tingin ko nga dapat na akong umalis ngayon para mag-impake at ayusin’yung ibang kailangan.” Binalingan niyang muli ang mga kaibigan. “Baka hindi ako makapunta, sorry.”

“Okay lang,” nakangiting sabi ni Sasha.

“Thanks.” Lumapit siya kay Michael na nakaupo pa rin sa tabi ni Agatha. Maingat nitong karga si Baby Lorelei. “Congratulations, Michael, I’m really happy for you.”

His friend looked up and smiled at him. “Thanks,” anito.

Nakangiti niyang binalingan niya ang asawa ng kaibigan. “Agatha, I gotta go. I’d be here for the christening.”

“Okay, ingat,” ngiti rin nito. He bent down and gave her a quick peck on the cheek. He did the same to Sasha and Leila. After waving goodbye, lumabas na siya ng kuwarto.

Pagkalabas ni Ashton, matalim na tinitigan ni Michael si Kevin.

“You really have a lousy tongue,” pagalit nito sa malamig na boses.

Sa malaking pagkagulat ng tatlong babae, imbis na sumabat din nang pabalang si Kevin, nanatili lang itong tahimik at nakaiwas ang tingin.

Like Michael, malala rin talaga ang temper ng guwapong model/painter/IT specialist na si Kevin. Madalas, talagang nagka-clash ang temper ng dalawa, walang lumalagpas na insulto sa pagitan ng mga ito. Pero sa pagkakataong iyon, nanatiling tikom ang bibig ng asawa ni Sasha. Si Agatha ang hindi nakapagpigil.

“Hey, ayokong maging nosy, pero ano 'yun?”

Michael gave his wife a dry look but gave in. Talagang hindi nito kayang tanggihan ang kahit na ano'ng hingin ng asawa.

“Ashton had his heart broken when we were still in college,” umpisa nito. “He was broken big time and he never wanted to feel that way again.”

“Doon ko lang nakita si Ashton na nagwala,” mahinang susog ni Nathan.

The Playboy And His First Love - Dior Madrigal

Nanlaki ang mga mata ni Leila. “Si Ashton, nagwala?”

Hindi makapaniwala ang tatlong babae sa narinig tungkol sa lalaking ilang minuto pa lamang nakakaalis.

“Wait, ’yan ba ’yung ikinuwento n’yo noong college kayo?” usisa ni Leila.

“Yeah, he beat the shit out of ten guys; he was really homicidal during those times.” Mahina rin ang boses ni Kevin.

Nanatiling nanlalaki ang mata nina Leila, Agatha, at Sasha. Hindi nila magawang i-picture ang mahinahon, kalmado, at rational na si Ashton na nambubugbog ng sampung lalaki.

“Hindi ko ma-imagine,” anas ni Agatha.

“Yeah, kami rin, nagulat noon. Bata pa lang kami ay siya na ang pinaka-mature at pinakamatino sa amin. He was always calm, pero may isang tao talaga na kayang-kaya siyang gawing irrational at bayolente sa isang pitik lang ng mga daliri.” Humigit ng hangin si Michael. “She was our childhood friend, mas matanda siya sa amin nang dalawang taon.”

“What?” Si Agatha pa rin ang nagsalita.

Marahan nitong hinalikan ang noo ng sanggol nitong anak. “Ashton would never talk to me again if he found out we’re talking about this,” pahayag nito at bumuntong-hininga ulit.

“Pero pamilya naman na natin sila, hindi na siguro

The Playboy And His First Love - Dior Madrigal

maiiwasang malaman din nila 'to," untag ni Nathan, tinutukoy ang tatlong babae. Tipid na ngumiti si Michael.

"Yes, you're right," sang-ayon nito, patuloy na pinagmamasdan ang natutulog na anak. "Her name is Alyssa." Ipinagpatuloy nito ang pagkukuwento tungkol sa babaeng siyang naging dahilan kung bakit ayaw na muling makaramdam ng matinding emosyon ang rational na si Ashton.